(Tagalog Version)

# Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa pagpapanatili ng lagusang tubo





屋 宇 署
BUILDINGS
DEPARTMENT

Departamento ng mga Gusali
Marso 2021

# Mga Panuntunan tungkol sa Inspeksyon at Pagpapanatili ng mga Daluyang Tubo at mga Sanitary Fitment ng mga Tirahang Yunit



**1** Dapat regular na mainspeksyon ang lahat ng internal na daluyang tubo at mga kaugnay na sanitary fitment, na nagbibigay ng espesyal na pansin sa mga bahaging minarkahan ng mga pulang putol-putol na linya sa sumusunod na mga larawan.



**2** Kung mangyari ang alinman sa mga sumusunod na sitwasyon, pakiulat ito kaagad sa tanggapan ng nangangasiwa ng gusali o makipag-ugnayan sa isang kuwalipikadong propesyonal / kontratista ng gusali para sa inspeksyon / pagkukumpuni.

- mabahong amoy o kakaibang tunog mula sa mga daluyang tubo / sanitary fitment
- mga lamat o kalawang sa mga daluyang tubo / sanitary fitment
- mga lumuwag na bracket ng tubo
- pagtagas o pagbabara sa mga daluyang tubo / sanitary fitment
- mga bulang lumalabas sa gripo paminsan-minsan










**3** Huwag maglagay ng anumang bagay sa mga inidoro at mga lagusang butas para maiwasan ang pagbabara ng mga daluyang tubo.


**4** Magbuhos ng kalahating litro ng tubig sa bawat lagusang butas sa sahig kada linggo. Kung hindi mo mahanap ang lagusang butas sa sahig, makipag-ugnayan sa tanggapan ng nangangasiwa ng gusali o kumonsulta sa isang kuwalipikadong propesyonal / kontratista ng gusali.




**5** Huwag maglagay ng napakalakas na exhaust fan sa mga banyo. Kung may tanong, makipag-ugnayan sa isang kuwalipikadong propesyonal / kontratista ng gusali.


**6** Tiyakin na tama ang pagkalagay ng angkop na trap sa bawat sanitary fitment.

Kapag papalitan ang bathtub ng isang shower tray, tiyakin na tama ang pagkalagay ng angkop na trap sa bathtub*.




*Kailangang napapahanginan ang trap ng isang tubong panlaban sa paghigop o ginawa para pigilan ang pagkawala ng seal ng tubig.

**7** Kailangang may sariling angkop na trap ang daluyang butas ng washing machine at nakakabit sa isang tubong daluyan ng maruming tubig.






**8** Para maiwasan ang pagkawala ng seal ng tubig, kung higit sa isang trap ang fitment para sa dumi / basura ang nakakabit isa isang tubo para sa dumi / basura, dapat na napapahanginan ang mga trap sa pamamagitan ng mga tubong panlaban sa paghigop, kung saan ang mga trap para sa mga fitment ng tubig ay puwedeng lagyan ng mga anti-syphonage air valve para maiwasan ang pagkawala ng seal ng tubig.

**9** Tiyakin na gumagana nang wasto ang lahat ng trap. Huwag alisin o palitan ang mga tubong panlaban sa paghigop o mga trap na may mga anti-syphonage air valve ng mga fitment para sa dumi / basura, at huwag palitan ang trap na may kakayahang labanan ang paghigop ng isang trap na walang ganitong kakayahan.







**10** Sundin ang mga panuntunang ibinigay ng Departamento ng Kalusugan para sa paglilinis at pag-disinfect ng iyong flat at pagpapanatili ng magandang personal na kalinisan.



**Kung may mga tanong, tumawag sa Hotline ng Departamento ng mga Gusali sa 2626 1616**

(Pinamamahalaan ng "1823")

**Website ng Departamento ng mga Gusali**
www.bd.gov.hk/en/index.html

**Impormasyon para sa Malinis na mga Daluyan para sa Pag-iwas sa Epidemya**
https://bit.ly/3r9TV5Z